

PAANO NGA BA TAYO NANINIMBANG NG KAPWA TAO?
PAANO NGA BA TAYO SUMUSUKAT NG MABUTI O MASAMA? NG TAMA O MALI?
ANG ISANG TONELADANG BASAHAN BA AY IBA SA ATING PANINGIN MULA SA ISANG KILO LAMANG NITO?
MULA KAY TANDANG ISKONG
BASAHAN:
MGA TAGPI-TAGPING ALAALA



MULA PANG NAGKAISIP NA AKO'Y KILALA NA SI "TANDANG ISKONG BASAHAN" SA BUONG BAYAN NG HAGONOY. HINDI LANG DAHIL MADALAS SIYANG KUMATOK SA MGA BAHAY-BAHAY UPANG MAGBENTA NG BASAHAN O MAGTANONG KUNG MAY IPAGBIBILING MGA RETASO PARA SA PAGGAWA NG BASAHAN...
SIGURO'Y MAS KILALA SIYA SA "KAKAIBA" NIYANG UGALI.
SIRAULO 'YANG SI ISKO! PUWEDE NAMANG UMASENSO, PINILI PA RING MAGING DUKHA!
DATI BINIBIGYAN 'YAN NG BAGONG MEYOR NG PUSISYON SA MUNISIPYO. TINANGGIHAN AT INUNA PA RAW ANG PRINSIPYO!
KONSEHAL RUBEN
HAY KAMPON NI SATANAS 'YANG SI ISKO! POR DIYOS POR SANTO! WALANG DIYOS ANG TAONG 'YAN.
ANG TANGING SINASAMBA N'YAN AY ESPIRITU NG ALAK.
HAY! ARAW-ARAW PA'Y LASING!
NANA SEPANG
MAHIRAP 'YANG MAY UTANG NA LOOB SA MAY KAPANGYARIHAN, DI MO MASASABI ANG TOTOO. HINDI MO MAGAGAWA ANG TAMA.
MAHIRAP MAGKAROON NG UTANG NA LOOB SA DEMONYO.
ANG MGA TAONG TAKOT MALASING AY MGA TAONG MAY ITINATAGO SA SARILI.
INAALIS LANG NG ALAK ANG ABILIDAD MONG MAGPIGIL... KAYA'T ANG TUNAY MONG UGALI AY ANG UGALI MO KUNG IKA'Y LASING!
EH ANO SIYA NGAYON? GUTOM! KAYABANG-YABANG! KAY RAMING NALALAMANG PRINSIPYO. 'YAN ANG PAPATAY SA'YO NGAYON! GUTOM!
SIRA NA NGA TALAGA ANG ULO!
KUNG ANO-ANO PA'NG SINASABI. PALIBHASA'Y SANGA-SANGA ANG DILA NA PARANG SA AHAS. KAYA HINDI DAPAT PAKINGGAN.
ILAYO N'YO MGA ANAK N'YO SA TAONG 'YAN.
SA KAUNTING MAKAKAIN BA NAMIN NG APO KO AY IBEBENTA KO ANG PUSO NAMIN AT DAMDAMIN?
HINDI NA BALE. SALAMAT NA LANG!
BAKIT AKO MAGBIBIGAY SA SIMBAHAN? DI BA'T SILA LANG NAMAN ANG MAY GUSTONG BUMILI NG MGA KUNG ANO-ANONG BAGAY NA YAN? GUSTO BA NG DIYOS NG SPEAKER? O BAGONG CARPET? O MARMOL NA SAHIG?
SABAGAY, SI KONSEHAL AT NANA SEPANG LANG NAMAN ANG KILALANG TALAGANG GALIT KAY TANDANG ISKO... OKEY NAMAN SIYA SA MGA TAO SA AMIN. MINSAN NGA LANG, TALAGANG MAY...


MAHAL NAMAN NG SINGIL N'YO.
BASAHAN LANG NAMAN ITO, KAKANDUNGIN KO NA LANG...
KAMPANI PALISI HO ITO! GANU'N TALAGA... SUMUNOD HO TAYO!
AT DI N'YO BA KAYANG MAGDESISYON SA SARILI N'YO KUNG TAMA NAMAN?
WALA NAMANG PATAKARANG DI PUMABOR SA GUMAWA NITO!
MAPAPAGALITAN KAMI NG MANEDYER NITO KUNG MALAMANG MAY PINALUSOT KAMING...
'YANG HALAGANG HINIHINGI N'YO, PANGKAIN KO NA IYAN SA MAGHAPON...
HINDI NAMAN 'YAN IKAGUGUTOM NG MANEDYER NINYO!
HINDI TALAGA PUWEDE, SA KOMPARTMENT DAPAT 'YAN!
PAMASAHE KO, DAGDAG PANG BAYAD SA KOMPARTMENT N'YO, ANO PANG KINITA KO? BINIGAY KO LANG SA INYO? LUGI PA!
HINDI NGA PW—
PANG-UNAWA LANG NAMAN...
E BAHALA NA NGA KAYO! KUNG UMAKYAT ANG INSPEKTOR AT MAHULI, BAHALA NA KAYO!
TATANG ISKO!
O ATO! IKAW PALA 'YAN.
RINIG KO, NAPAAWAY KAYO SA BAGONG KUNDOKTOR AH...
HAY NAKO, ATO. NAPAKAHIRAP MAGING MAHIRAP. KUNG MAKITA KANG GUSGUSIN AT MUKHANG WALANG KUWARTA, IKAW PA ANG SISINGILIN NG KUNG ANO-ANO AT HAHANAPAN NG MGA BAGAY NA HALATA NAMANG WALA SA IYO...
KUNG MUKHA NAMANG MAYAMAN, UBOD-GALANG KANG AASIKASUHIN AT MINSA'Y HINDI PA SISINGILIN!
E SANA PO KASI MAGPAHINGA NA RIN KAYO SA TRABAHO, PARA MAKA-IWAS DIN SA MGA GANYANG KONDUKTOR...
BUKOD SA DI NAMAN NAGRERETIRO ANG BITUKA, DI RIN NAMAN 'YON ANG PROBLEMA, ATO...
MAPA-BASAHAN O BASURA O ANUMANG KALAKAL, KAPAG PINASUKAN NG BATAS NG KUWARTA SA WALA...
MAY PAGTATALO. BASTA NAMAN DI NATUTULOY SA DAHAS...
ATLIS PO AY KILALA KA NA NIYA NGAYON.


MARAMI AKONG NATUTUHAN KAY TANDANG ISKO. HINDI LANG MGA LESSON NG LITERATURA AT KASAYSAYAN, PATI MGA ARAL SA BUHAY AT PAKIKITUNGO SA IBA...
LAGI KASI AKONG TAMBAY SA BARONG-BARONG NIYA NOON. SA BAYAN NAMIN, SIYA NA ANG MASASABI KONG ARAL, MATALINO AT INTERESANTENG TAO...
KAYA LANG, ANG MGA PRINSIPYO DIN NIYA ANG GUMUHIT NG KAPALARAN NIYA, DAHIL SIGURO LABAN ITO SA PULITIKA AT IKOT NG MUNDO.
ANG KURSO MO, MATATAPOS MO NA BA?
AY, DI NA PO AKO NAG-AARAL. NAMASUKAN NA PO AKO. KAILANGAN NA PO NAMIN E...
AAA...
ALAM KONG MAY GUSTO PANG SABIHIN SI TANDANG ISKO, PERO PINILI NIYANG HINDI NA. SIGURO'Y PINILI NIYANG 'WAG AKO MASAKTAN O MAHIRAPAN.
NAALALA KO TULOY ANG LAHAT NG PAYO AT PAGTULONG NIYA SA AKIN PARA SA PAG-AARAL KO NOON. NAHIHIYA AKO SA LAHAT NG UTANG NA LOOB KO SA KANYA.
PERO GAYA NIYA, IGINUHIT NA RIN NG MUNDO ANG KAPALARAN KO...
NA ANG MGA PANGARAP NAMIN AY... HANGGANG DITO NA LANG.


ITO NAMAN SI REX, ISA PANG KAPALARANG GINUHITAN NG MUNDONG KANYANG SINILANGAN. HINDI NAMAN KAMI CLOSE TALAGA NI REX, MAS KILALA KO SIYA MULA SA TAGPI-TAGPING MGA SALITA AT ALAALA NI TANDANG ISKO...
"IKINAMATAY NG INA NI REX ANG PANGANGANAK SA KANYA. HINDI NA SILA NAGKAKILALA..."
"IPINANGALAN KO'Y REX, RESURECCION LAKAN-ILAW PARA SA MULING PAGKABUHAY NG KANYANG INA. NG AKING ANAK..."
"MABAIT NA BATA 'YAN, MATALINO MASUNURIN AT BIBONG-BIBO. KUNG UTUSAN KONG BUMILI NG SUKA IYA'Y MADALAS NA MATAGALAN KUNG BUMALIK. MADALAS KASI'Y MAKATUWAAN NG MGA KAPITBAHAY. PINAPAUPO SA BAKOD, SA PASIMANO, PARA PATULAIN O PAKANTAHIN. NAKAKATUWA TALAGA..."
"MAPARAAN"
"TAHIMIK NA BATA, NGUNIT ALAM MONG MAY IDEYA..."
"MABAIT SA HAYOP"
"MABILIS MATUTO... KUNG ANO ANG MARINIG AY MATATANDAAN AGAD..."
"PAYAT NA PAYAT 'YAN DATI. TAKOT KO, PALIBHASA'Y KUNG ANO LAMANG ANG KINAKAIN NAMIN, BAKA 'KA KO KULANG SA SUSTANSIYA. LUMAKI NAMANG MAAYOS..."
"MATIISIN"
"MATALINO SA KLASE"
"MABAIT SA KALARO"
"MAHIRAP KAMI. WALA KAMING PAMBILI NG KUNG ANO-ANONG BAGAY, MGA LARUANG USO AT TULAD SA IBANG BATANG NAKAKALARO NIYA. PERO PARANG NAIINTINDIHAN NIYA 'YON. KAILAN MAN HINDI SIYA HUMILING SA AKIN NG ANO MAN, O NAGMAKTOL KAYA PARA SA ALIN MANG MATERYAL NA BAGAY..."
"KAY DALING PATAWANIN"
"GILIW KO SA ARAW-ARAW..."
"MAGALANG SA MATATANDA"
"MAALALAHANIN"
"MALAMBING"
"SIMPLE LAMANG ANG BUHAY NOON. ARAW-ARAW AY MASAYA NAMAN KAMI... OKEY NA KAMI DOON..."